7

# Lingguhang Aralin sa Values Education

Quarter 2

Aralin

6

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 7**
**Kuwarter 2: Aralin 6**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Jennet F. Pajura (West Visayas State University)

**Tagasuri:**

- Amabel T. Siason (West Visayas State University)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**Edukasyon sa Pagpapakatao / Kuwarter 2 / Baitang 7**

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga tungkulin ng pamilya sa bayan. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang sariling paraan bilang bahagi ng pagtupad sa tungkulin ng pamilyang kinabibilangan sa bayan bilang tanda ng nasyonalismo. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa nasyonalismo sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng kahalagahan ng mga pambansang pagdiriwang at kontribusyon ng mga bayani, paglalagay ng watawat, at mga pambansang simbolo na naaayon sa batas.<br>a. Natutukoy ang mga paraan ng pamilyang kinabibilangan sa pagtupad ng tungkulin sa bayan.<br>b. Naipaliliwanag na ang mga tungkulin ng pamilya sa bayan ay paraan upang magbigay ng kontribusyon sa kabutihan, katiwasayan, kapayapaan, at kaunlaran ng pamayanan na magiging matibay na pundasyon ng lipunang Pilipino.<br>c. Naisasakilos ang sariling paraan bilang bahagi ng pagtupad sa tungkulin ng pamilyang kinabibilangan sa bayan. |
| **C. Nilalaman** | 1. Pakikibahagi ng Pamilya sa mga Pambansang Pagdiriwang na may Implikasyon sa Nasyonalismo<br>2. Mga Tungkulin Ko sa Aking Pamilya at mga Tungkulin ng Pamilya sa Bayan: Tungo sa Kabutihan, Katiwasayan, Kapayapaan, at Kaunlaran ng Lipunan<br>3. Mga Pampamilyang Paraan ng Pagpapakita ng Pagmamahal sa Bayan |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | Nasyonalismo (*Nationalism*) |
| **E. Integrasyon** | Pakikibahagi ng Pamilya sa Pagtugon sa mga Suliraning Pampolitika at Pang-ekonomiya na Kinakaharap ng Bansa |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**


Buenconsejo, J. (2014). Mga Pagdiriwang sa Pilipinas [Powerpoint presentation]. https://www.slideshare.net/jvebuenconsejo/mga-pagdiriwang-sa-pilipinas-39954583

Geraldine, M. (2021). Pagtuklas sa Papel ng Pamilya sa Lipunan [Powerpoint presentation]. https://www.slideshare.net/MartinGeraldine/pagtuklas-sa-papel-ng-pamilya-sa-lipunan-at-lipunan

Guryan, J., Hurst, E., & Kearney, M. (2008). Parental education and parental time with children. The Journal of Economic Perspectives, 22(3), 23-46. https://www.aeaweb.org/articles?id=10.1257/jep.22.3.23
Ki (2021, October 18). Tungkulin Bilang Mamamayan Halimbawa – Ano Ang Tungkulin Natin? Philnews.ph. https://philnews.ph/2021/10/18/tungkulin-bilang-mamamayan-halimbawa-ano-ang-tungkulin-natin/
Lepaopao, R. J. F. (2020). Edukasyon sa Pagpapakatao, Unang Markahan – Modyul 14: Huwarang Pamilya sa Lipunan [Online module]. https://asnhs.net/images/modules/grade8/EdukasyonsaPagpapakatao/PDF//esp8_q1_mod14_huwarang%20pamilya%20sa%20lipunan_FINAL08082020.pdf
Malicay, J. (2020). Ang papel ng pamilya sa lipunan [Powerpoint presentation]. https://www.slideshare.net/jamesmalicay/ang-papel-ng-pamilya-sa-lipunan
Manlapaz, I. M. et al. (2019). Grade 1 Student, Nagpakita ng Pagmamahal sa Bayan sa Simpleng Paraan. Theasianparent.com. https://ph.theasianparent.com/paano-maipapakita-ang-pagmamahal-sa-bayan
Maturan, M. J. (2020, July 3). Mahal Ko ang Bayan Ko. Youtube. https://www.youtube.com/watch?v=0PDInDV8FK0
Raza, E. L. (2020). Edukasyon sa Pagpapakatao, Unang Markahan – Modyul 13: Responsibilidad sa Pamilya at Lipunan [Online module]. https://depedtambayan.net/edukasyon-sa-pagpapakatao-8-unang-markahan-modyul-14-huwarang-pamilya-sa-lipunan/
Siason, A. (2023). Ano Kaya? [Lesson activity]. West Visayas State University.
Siason, A. (2023). Simbolo ng Nasyonalismo [Lesson activity]. West Visayas State University.
Siason, A. (2023). Pamilya ay Suriin, Tungkulin sa Bayan ay Tuparin [Lesson activity]. West Visayas State University.
Siason, A. (2023). Pamilya Ko, Tulay sa Pagbabago! [Lesson activity]. West Visayas State University.
Torney-Purta, J., Lehmann, R., Oswald, H., & Schulz, W. (2001). Citizenship and education in twenty-eight countries: Civic knowledge and engagement at age fourteen. International Association for the Evaluation of Educational Achievement. https://www.iea.nl/publications/study-reports/international-reports-iea-studies/citizenship-and-education-twenty-eight
Sanggunian ng mga larawan:
koksikoks (n.d.). Vector man foot drawing cartoon shoe size foot anatomy human sole [Online image]. Freepik. https://shorturl.at/FRTU0
lera22_86 (n.d.). Vector a smiling laughing mouth with teeth female lips outline doodle black and white vector [Online image]. Freepik. https://shorturl.at/akwE5
liumiuart (n.d.). Vector gesture expressing protection care support and safety symbol of love and compassion [Online image]. Freepik. https://shorturl.at/kmKZ6
peri_priatna (n.d.). Vector doodle of anatomical heart isolated on a white background [Online image]. Freepik. https://shorturl.at/eHKNY
rawpixel.com (n.d.). Free vector hand drawn human eye [Online image]. Freepik. https://shorturl.at/lrswT

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**I. Maikling Balik-aral**<br>***Mabubuo Ko Rin!*** | Ito ay isang modelong banghay-aralin lamang. Maaaring baguhin ng guro ang mga |

| | | |
|---|---|---|
| | Buoin ang pinaghalo-halong mga titik para makabuo ng salita hinggil sa kahulugang ibinigay.<br>L I M A<br>1. Ito ay konsensiya nakabatay sa mga baluktot na prinsipyo o nailapat ang tamang prinsipyo sa di wastong paraan.<br>M A T A<br>2. Lahat ng kaisipan at dahilan na kakailanganin sa paglapat ng obhektibong pamantayan ay naisakatuparan nang walang pagkakamali sa ganitong uri ng konsensiya.<br>S I N A K Y E S O N<br>3. Mula sa salitang Latin na *cum* ibig sabihin ay "*with*" o mayroon at *scientia*, na ibig sabihin ay "*knowledge*" o kaalaman.<br>S H U G G A U H A P<br>4. Ginagamit ang kognitibong proseso na ginagamitan ng isip at mabuting pagpapasya.<br>G A P A P A Y A P S<br>5. Proseso ng pagpili ng isang desisyon o hakbang na dapat gawing batayan sa iba't ibang pagpipilian. | gawain na naaayon sa kasanayan na dapat malinang, sa kakayahan ng kaniyang mag-aaral, at sa oras na nakalaan sa aralin.<br>***Mabubuo Ko Rin!***<br>Ang mga gawain ay maaaring gamiting gabay upang maunawaan ng mga mag-aaral ang mga nagdaang aralin at maihanda sa susunod pa na mga aralin.<br>Mga sagot:<br>1. Mali<br>2. Tama<br>3. Konsensiya<br>4. Paghuhusga<br>5. Pagpapasya |
| **Paglalahad ng Layunin** | **I. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Ano Kaya?** (Siason, 2023)<br>Ipagpalagay na ang iba't ibang bahagi ng iyong katawan ay may kakayahang mag-isip at kumilos. Ano kaya ang mangyayari kung isang araw, ang ~~mga~~ sumusunod na bahagi ay magdesisyon na ayaw na nilang gampanan ang kanilang tungkulin.<br>**Gawain 1:** Ano Kaya?<br>Gabay na Tanong:<br>1. Anong mahalagang kaalaman (*insight*) ang iyong nahinuha sa gawain?<br>*Sagot na inaasahan upang maiugnay ang gawain sa aralin:*<br>- *Ang bawat bahagi ng katawan ay may mahalagang papel na dapat gampanan para gumana ng maayos ang katawan.*<br>2. Sa konteksto ng pamilya, ano kaya ang mangyayari kung may kasapi na hindi ginagampanan ang kaniyang tungkulin?<br>3. Ano naman ang maaaring mangyari kung ang pamilya ay may mga tungkuling hindi ginagampanan sa lipunan at bansa? | **Gawain 1:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br><br>**Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>Mga sagot:<br>1. Nasyonalismo<br>2. Rebolusyon<br>3. Implikasyon<br>4. Makasaysayang pagdiriwang<br>5. Pambansang pagdiriwang<br>6. Politikal |

| | | |
|---|---|---|
| | Tandaan: Ang bawat kasapi ay mayroong mahalagang tungkulin na dapat gampanan sa pamilya, gayundin ang pamilya sa lipunan at bayan.<br>**II. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**Gawain 2: Paghawan ng Bokabolaryo** | 7. Ekonomiya<br>**Gawain 2:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral* |
| **Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Pakikibahagi ng Pamilya sa mga Pambansang Pagdiriwang na may Implikasyon sa Nasyonalismo**<br>**I. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Ang pambansang pagdiriwang ay isang mahalagang bahagi ng kultura ng bansa. Pagkakataon upang maisapuso ng bawat pamilya ang pakikibahagi sa mga pagdiriwang at maisabuhay ang kahalagahan ng pagiging makabayan.<br>**Balik-tanaw sa mga Makasaysayang Pagdiriwang ng Ating Bayan**<br>**ARAW NG REBOLUSYONG EDSA**. Makasaysayan ang araw na ito. Ipinagdiriwang ito tuwing ika-25 ng Pebrero. Ang araw na ito ang naging hudyat ng pagbabalik ng kalayaan ng mga mamamayan mula sa rehimeng diktador. Nagkaisang nagtungo ang libo-libong mga Pilipino sa EDSA noong Pebrero 22-25, 1986. Ito ay sa harap ng *Camp Aguinaldo* at *Camp Crame*. Sinuportahan ito ng mga mamamayan. Tinawag din itong *People's Power Revolution* o Rebolusyong Lakas-Sambayanan.<br>**Repleksiyon:** Ang EDSA *Revolution* ay isang mahusay na halimbawa kung paano mapagtagumpayan ang isang mithiin sa pamamagitan ng pagkakaisa ng mga mamamayan laban sa katiwalian. May napagtagumpayan ba kayo na mga pagsubok o naabot na hangarin dahil sa pagkakaisa ng mga kasapi ng pamilya? Ibahagi ang karanasan.<br>**ARAW NG KAGITINGAN**. Ang krus sa tuktok ng Bundok Samat sa Bataan ang nagpapagunita hinggil sa mga matatapang na sundalong Pilipino na lumaban sa mga Hapones noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Dambana ng Kagitingan ang tawag sa bantayog na ito. Ginugunita ng bansa ang araw ng Kagitingan tuwing sasapit ang Abril 9. Ipinakita rin dito ang pagkakaisa laban sa mga dayuhan.<br>**Repleksiyon:** Para sa kapakanan ng ating bayan, ang pagdiriwang na ito ay paggunita sa isang kuwento ng mga bayani na nagtangkang labanan ang mga puwersa ng karahasan at ipakita ang kagitingan. Para sa iyo, sinong kasapi ng iyong pamilya ang sumisimbolo ng kagitingan? Ipaliwanag ang iyong sagot.<br>**ARAW NG MANGGAGAWA**. Ipinagdiriwang tuwing Mayo 1 ang Araw ng Manggagawa. Pinahahalagahan ang mga manggagawa dahil sa kanilang mga | **Tala sa Gurong Tagapagdaloy**<br>Para mas mapatalas ang intelektuwal na aspekto ng mga mag-aaral, ang mga gabay na tanong ay ipasagot at puwedeng magdagdag ng mga gawain na siyang pupukaw sa makabayang damdamin ng mga mag-aaral.<br>Sa pagbabalik-tanaw, hinihikayat ang guro na humugot ng mga kaalaman mula sa mga mag-aaral ukol sa mga pambansang pagdiriwang. Kung maaari, sa kanila manggagaling ang mga halimbawa ng mga makasaysayang pagdiriwang ng ating bansa. Bigyang-diin ang mga positibong pagpapahalaga na may kaugnayan sa isinusulong na layunin ng pambansang pagdiriwang at kung paano ito maiuugnay sa buhay ng isang pamilya. |

paglilingkod sa lipunan. Sila ang tumutulong sa atin sa pagtugon sa ating mga pangangailangan. Tumutulong sila upang tayo'y may pagkain araw-araw, maayos na tirahan, iba-ibang kagamitan, at iba pang bagay.

**Repleksiyon:** Ipinagdiriwang bilang isang pagkakataon upang ipahayag ang mga pangangailangan ng mga manggagawa at ipaglaban ang kanilang mga karapatan. Paggunita rin ito sa kanilang dedikasyon sa trabaho at kontribusyon sa lipunan. Sa mga kasapi ng inyong pamilya, sino ang nagtatrabaho upang matugunan ang inyong pangangailangan? Paano ninyo sila pinapasalamatan at pinapahalagahan?

**ARAW NG KALAYAAN**. Tuwing Hunyo 12 ng bawat taon ginugunita at ipinagdiriwang ng mga Pilipino ang Araw ng Kalayaan mula sa Espanya. May parada at pag-aalay rin ng mga bulaklak sa bantayan ni Rizal. Nag-aalay rin ng mga bulaklak sa iba pang mga bayani. Itinataas pa ng pangulo ng bansa ang watawat ng Pilipinas sa *Rizal Park*. Marami pang inihahandang programa, konsiyerto, at kasayahan sa pagdiriwang na ito. Sama-sama ang mga Pilipino na ipinagdiriwang ang okasyong ito.

**Repleksiyon:** Pagpapasalamat at pagbibigay-pugay sa mga bayaning nakipaglaban para sa kalayaan ng bayan ang layunin ng pagdiriwang na ito. Isang tagumpay na nagpalaya sa ating lipunan mula sa iba't ibang anyo ng pang-aalipin at gumawa ng malaking desisyon upang ipakita ang pagmamahal sa bayan, ipagdiwang ang ating kultura at kaugalian, at magkaisa bilang isang bansa. May pagkakataon bang malaya kayong magdesisyon para sa sarili ninyo? Magsalaysay ng karanasang may kaugnayan dito.

**ARAW NG MGA BAYANI**. Ipinagdiriwang tuwing Agosto 26 taon-taon. Nag-aalay ang mga Pilipino ng mga bulaklak at may palatuntunan pa. Pinahahalagahan sa araw na ito ang mga nagawa ng mga bayani para sa kalayaan at kapakanan ng bansa.

**Repleksiyon:** Paggunita sa mga kontribusyon at sakripisyo ng mga bayani sa iba't ibang panahon ng kasaysayan ng Pilipinas. Isa itong pagkakataon para kilalanin ang mga bayani ng bansa na nagpakita ng katapangan, kabayanihan, at dedikasyon sa kalayaan ng Pilipinas. Sa iyong pamilya, may itinuturing ka ba na bayani ng buhay mo? Bakit mahalagang makilala ang mga mabuting nagawa ng bawat miyembro ng pamilya?

**ARAW NG MGA NAGKAKAISANG BANSA**. Pagsapit naman ng Oktubre 24, ipinagdiriwang ang araw ng mga Nagkakaisang Bansa. Ipinakikita ng pagdiriwang na ito ang pakikipagkaibigan natin sa iba't ibang bansa sa buong

mundo. Pagkakabuklod-buklod ang simbolo nito. Ang Samahan ng mga Nagkakaisang Bansa ang nagbubuklod upang lubos na magkakaunawaan at magkaisa ang mga bansa. Pagtutulungan ang isa pang layon nito. May mga palatuntunan ding inihanda rito hindi lamang sa paaralan kundi pati na sa telebisyon at radyo.

**Repleksiyon:** Ang pagkakaisa ng mga miyembro ng *United Nations* sa kabila ng magkaibang pamamahala, kultura, at paniniwala ay isang magandang larawan ng pagkilala sa natatanging pagkakakilanlan ng bawat bansa.

Sa inyong pamilya, paano ninyo kinikilala at iginagalang ang pagkakaiba (*uniqueness*) ng bawat kasapi upang mapanatili ang pagkakabuklod sa inyong tahanan? Pamprosesong Tanong:

1. Sa bawat makasaysayang pangyayari o pambansang pagdiriwang na nabanggit, ano sa palagay mo ang mahalagang papel na ginampanan ng pamilya?
2. Bakit mahalagang makilahok ang mga pamilya sa mga pambansang pagdiriwang na tinalakay? Ipaliwanag ang sagot.
3. Anong pagpapahalaga ang isinasabuhay ng pamilya kapag ito ay nakikisangkot sa mga pambansang pagdiriwang? (Inaasahan na mayroong mag-aaral na sumagot ng nasyonalismo.)
4. Paano maikikintal (*instill)* ng pamilya ang halaga ng nasyonalismo sa kaniyang mga kasapi?
5. Maliban sa pakikibahagi sa mga pagdiriwang na ito, paano pa maipapakita ng isang pamilya ang kanilang pagmamahal sa bayan?

**II. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Pagsusuri ng Awiting "Mahal Ko ang Bayan."**

Basahin at unawaing mabuti ang liriko ng awitin at pagnilayan ang mga gabay na tanong.

**Mahal Ko ang Bayan** ni: Marc Jan M. Maturan

Nakaukit na sa'king palad dugong mapagmahal
Sinusunod ang tama, sa salita at sa gawa
Batas ng bayan sa'king balikat hahawakan
Maglilingkod ng tapat sa mamamayan
Ipagtatangol ang nalalamangan
Di magnanakaw, di kukupitan ang kaban ng bayan
***Chorus***

**Pagsusuri ng Awiting "Mahal Ko Ang Bayan."**
Ang orihinal na komposisyon ay maaaring mapanood at mapakinggan sa *Youtube link* na ito:
https://www.youtube.com/watch?v=0PDInDV8FK0

| | | |
|---|---|---|
| | Mahal ko ang bayan, bilang Pilipino<br>Tutuparin sinumpaang tungkulin<br>Dahil Pilipino ako<br>Mahal ko ang bayan bilang simpleng tao<br>Susundin mga alituntunin<br>Karangalan ko Pilipino ako, mabuting Pilipino<br>Sa tahanan, susundin ko ang utos ng magulang<br>Magmamano kina lolo at lola<br>Turo ni guro na maging magalang, sa tahanan, paaralan, at maging sa labas man<br>Di papasok sa anomang bisyo,<br>Nasa isip na mabubuti nilang payo<br>***Chorus***<br>Mahal ko ang bayan, bilang Pilipino<br>Tutuparin sinumpaang tungkulin<br>Dahil Pilipino ako<br>Mahal ko ang bayan bilang simpleng tao<br>Susundin mga alituntunin<br>Karangalan ko Pilipino ako, mabuting Pilipino<br>Mahal ko ang bayan, maging ang sarili<br>Ipapakita ko tamang pagka-Pilipino<br>Makikiisa para sa pagbabago<br>Igagalang ko kapuwa tao<br>Ipaiiral marangal na pagka-Pilipino<br>Mahal ko ang bayan, bilang Pilipino<br>Tutuparin sinumpaang tungkulin<br>Dahil Pilipino ako<br>Mahal ko ang bayan bilang simpleng tao<br>Susundin mga alituntunin<br>Karangalan ko Pilipino ako, mabuting Pilipino<br>Mahal ko ang bayan, ako'y may karapatan<br>Ang mabuhay bumoto at magnegosyo<br>Karapatan kong mananampalataya<br>Ako'y Pilipino tungkulin kong mahalin, pamilya, at bayan ko.<br>**Gabay na tanong:**<br>1. Ano ang nais ipahiwatig ng awitin? | |

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Paano inilalarawan sa awitin ang pagmamahal sa bayan bilang isang Pilipino? Hanapin sa liriko ng awitin ang mga pahayag na naglalarawan o nagpapakita ng pagmamalasakit, pagtulong, o pagmamahal sa bayan at ipaliwanag.<br>3. Ayon sa awitin, ano-ano ang tungkulin na dapat gampanan ng bawat Pilipino?<br>4. Bilang anak at estudyante, paano mo nagagampanan ang pagiging isang mabuting Pilipino?<br>5. Maliban sa mga nabanggit sa awitin, ano-ano pa ang paraan upang ipakita ang pagkamakabayan?<br><br>**IKALAWANG ARAW**<br>**III. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Gawain 3:** Bayan Ko, Mahal Ko<br><br>**Kaugnay na Paksa 2: Mga Tungkulin Ko sa Aking Pamilya at mga Tungkulin ng Pamilya sa Bayan: Tungo sa Kabutihan, Katiwasayan, Kapayapaan, at Kaunlaran ng Lipunan**<br>**I. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>***Pag-aralan Natin!***<br>Ang bawat mag-aaral ay kasapi ng pamilya na may mga tungkulin na dapat gampanan upang mapanatili ang pagmamahalan at matiwasay na pamumuhay ng pamilya. Gayundin ang pamilya sa bayan. Bilang batayang yunit ng lipunan, dapat gumanap ng mahalagang papel ang pamilya sa pagtiyak na ang mga nagtataguyod ng lipunan ay nangangalaga sa mga karapatan at tungkulin ng bawat mamamayang Pilipino. Ito ay nauugnay sa tungkulin ng pamilya sa pagkilala at malalim na pag-unawa sa mga nangyayari sa lipunang ginagalawan. Bukod-tangi ang tungkulin ng pamilya na pamunuan ang lipunang kinabibilangan at huwag hayaang makompromiso ang tungkulin nito.<br>1. Ano ang papel na ginagampanan mo para mapanatili ang matiwasay, mapayapa, at maunlad na buhay ninyo bilang pamilya?<br>2. Ano naman ang papel na dapat gampanan ng bawat pamilya upang maitaguyod ang kabutihan, katiwasayan, kapayapaan, at kaunlaran ng lipunan? | **Gawain 3:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral* |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Paano mapagtatagumpayan ang mga tungkulin sa pamilya at ang tungkulin ng pamilya sa bayan sa kabila ng maraming hamon at dagok na pinagdaraanan?<br><br>**II. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Gawain 4: Pamilya ay Suriin, Tungkulin sa Bayan ay Tuparin** (Siason, 2023)<br><br>**Pagbasa ng Teksto**<br>Basahin ang deskriptibong sanaysay tungkol sa buhay ng isang pamilya na kinilala sa pagbibigay tulong at pagnilayan ang mga gabay na tanong.<br>**Pagtulong: Repleksiyon sa Isang Huwarang Pamilya**<br>Sinulat ni Rashiel Joy F. Lepaopao<br>Iba-iba ang pamamaraan ng tao sa pagpapakita ng malasakit sa kapuwa. Maaaring sa paraan ng pagbibigay-tulong moral, pinansiyal, mga kawanggawa, *fund raising,* at kahit sa simpleng pag-abot ng ulam sa kapitbahay.<br>Ang pamilya ni Rudy Cruz ay isa sa mga pamilyang Pilipino na may katangi-tanging paraan ng pagbibigay ng tulong mula sa pagpaplano hanggang sa pagbabahagi nito sa kapuwa. Bakit ito natatangi? Naging modelo ng mga anak ang kanilang ama sa pagbibigay ng tulong. Si Mang Rudy ay likas ang pagtulong sa kapuwa, kilala sa pamimigay ng libreng almusal sa mga taong nasa lansangan na dumaraan sa kanilang karinderya. Ito ay panata niya bilang isang tao na naghikayat naman sa bawat kasapi ng kanilang pamilya na maglaan ng 5% sa kanilang sahod at bago matapos ang taon, sa buwan ng Disyembre, ay mamahagi ang pamilya ng pamaskong handog sa kanilang baranggay. Maliban sa kawanggawa ng buong pamilya, nagbigay rin ang tatlong anak ni Mang Rudy ng tulong sa mga nangangailangan. Si Jenny na panganay na anak nito ay mayroong *scholarship grant* sa piling anak ng mga pamilyang naghihirap. Bawat pasukan ay mayroon itong 20 iskolar. Sa kasalukuyan, may napagtapos na itong 10 kabataan na nagtatrabaho na rin at nakatutulong sa kani-kanilang pamilya. Nagbigay naman ng trabaho sa kaniyang kababayan ang pangalawang anak ni Mang Rudy na si Joey na tagapamahala ng isang *construction firm.* Sa ganitong paraan, nagsilbi itong instrumento upang maging responsableng haligi ng tahanan ang mga amang naipasok niya ng trabaho sa pamamagitan ng kakayahan nitong matustusan ang pangangailangan ng kanilang pamilya. Ang bunsong anak naman na si Fatima ay aktibo sa paglahok at pagsasagawa ng *fund raising* para sa kaniyang proyektong "Buklat-Aklat" na naglalayong makabili | **Gawain 4:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br>**Pamilya Ko, Tulay sa Pagbabago!**<br>Para sa paghahanda sa gawaing ito, gawing takdang-aralin ng mga mag-aaral ang pagbabasa, panonood, o pakikinig sa balita tungkol sa mga isyung pampolitika at pang-ekonomiya na kinakaharap ng bansa sa kasalukuyan. |

| | | |
|---|---|---|
| | ng mga *story books* at diksyunaryo na maibibigay sa 15 paaralan ng kanilang lungsod. Ito ay naglalayong madagdagan ang karunungan ng mga kabataan sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga aklat. Sa situwasyong ito, kapani-paniwala kung ano ang puno ay siya rin ang bunga. Sa pagiging matulungin ni Mang Rudy, nagsilbi siyang modelo na naghubog sa kaniyang mga anak upang masundan ang kinamulatang paraan ng pagtulong niya sa kapuwa. Kapuri-puri ang ganitong pagpapalaki at pagtaguyod sa pamilya. Tunay na isang pamilyang huwaran! Mga gabay na tanong:<br>1. Anong uri ng pagmamalasakit ang ipinakita ni Mang Rudy?<br>2. Sa iyong palagay, katangi-tangi ba ang gawing ipinakita niya? Ipaliwanag ang sagot.<br>3. Anong gampanin ang ipinakita ni Mang Rudy at paano nito naimpluwensiyahan ang kaniyang mga anak?<br>4. Ano ang mabuting ambag ng pamilya ni Mang Rudy sa lipunan?<br>5. Paano mahihikayat na makisangkot ang bawat pamilya sa mga katuwa-tuwa at katangi-tanging gawain at paglilingkod sa kapuwa at komunidad?<br>**Pamilya Ko, Tulay sa Pagbabago!** (Siason, 2023)<br>**Gawain 5: Pamilya Ko, Tulay sa Pagbabago!**<br>Mga tanong sa talakayan:<br>1. Anong mga suliranin ang kinakaharap ng ating bansa sa ngayon sa usaping<br>a. politikal?<br>b. pang-ekonomiya?<br>2. Paano ang mga ito nakakaapekto sa:<br>a. bawat pamilyang Pilipino?<br>b. buong bansa?<br>3. Sa papaanong paraan makakatulong ang iyong pamilya sa pagbibigay ng solusyon sa mga suliraning nabanggit?<br>4. Anong mga pagbabago sa buhay ng pamilyang Pilipino at lipunan ang iyong nakikita kapag naisakatuparan ng pamilya ang mga tamang pagkilos hinggil sa mga suliraning tinalakay?<br><br>**IKATLONG ARAW**<br>**Pakikibahagi ng Pamilya sa Pagtugon sa mga Suliraning Pampolitika at Pang-Ekonomiya na Kinakaharap ng Bansa**<br>Ang pamilya ay isang pangunahing yunit ng lipunan na gumaganap ng isang mahalagang papel sa paghubog ng mga indibidwal at nag-aambag sa | **Gawain 5:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral* |

pangkalahatang kagalingan at kaunlaran ng isang bansa. Higit pa sa mga tradisyonal na tungkulin nito, ang pamilya ay mayroon ding makabuluhang impluwensiya sa pagtugon sa mga isyu na may kaugnayan sa politika at ekonomiya ng bansa. Ito ay natatanging yunit ng mas malaking lipunan, kung saan ang mga pagpapahalaga, paniniwala, at pag-uugali ay pinagyayabong at ipinamamana sa mga henerasyon. Sa pagtugon sa mga isyung may kinalaman sa politika at ekonomiya, ang pamilya ay maaaring kumilos bilang makapangyarihang instrumento ng pagbabago, pagpapaunlad ng mga maalam na mamamayan, pagtataguyod ng mga responsableng gawaing pang-ekonomiya, at pagtataguyod para sa katarungang panlipunan.

**Kamalayan sa Diskursong Pampolitika at Panlipunan (*Political Engagement* at *Social Awareness*)**

Ang pamilya ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa pag-aalaga sa mga mamamayang nakikibahagi sa diskursong pampolitika at may kamalayan sa lipunan. Nagbibigay ang mga ito ng plataporma para sa pagtalakay sa mga kasalukuyang kaganapan, pagpapaunlad ng mga kasanayan sa kritikal na pag-iisip, at paghikayat sa aktibong pakikilahok sa demokratikong proseso. Ang mga magulang at tagapag-alaga ay maaaring magsilbing huwaran, na nagpapakita ng kahalagahan ng pagboto, pagboboluntaryo, at pagsali sa mga usapin sa politika. Ipinakita ng mga pananaliksik na ang mga talakayan ng pamilya tungkol sa politika ay maaaring magkaroon ng positibong epekto sa kaalaman, saloobin, at pakikilahok ng mga bata sa politika (Torney-Purta, Lehmann, Oswald, & Schulz, 2001). Sa pamamagitan ng paghikayat sa bukas at tapat na pag-uusap tungkol sa mga isyung pampolitika, matutulungan ng mga pamilya ang mga kabataan na bumuo ng kanilang sariling kaalaman o mga opinyon at makibahagi nang makabuluhan sa buhay sibiko.

**Pananagutang Pang-ekonomiya at Kaalamang Pinansiyal (*Economic Responsibility* at *Financial Literacy*)**

Ang pamilya ay gumaganap din ng isang kritikal na papel sa pagkintal ng kaalamang pinansiyal at pagtataguyod ng mga responsableng kasanayan sa ekonomiya. Maaari nilang turuan ang mga anak tungkol sa pagbabadyet, pag-iimpok, at paggawa ng matalinong mga desisyon sa pananalapi. Ang mga magulang ay maaaring magsilbi bilang mga tagapayo sa pananalapi na gumagabay sa kanilang mga anak tungo sa kalayaan sa pananalapi at responsableng mga gawi sa ekonomiya. Ang mga kasanayan sa pananalapi na itinuturo sa pamilya ay may makabuluhang epekto sa pinansiyal na kagalingan


| | | |
|---|---|---|
| | ng mga bata sa pagtanda. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng edukasyon sa pananalapi at pagpapaunlad ng positibong saloobin sa pag-iimpok at pamumuhunan, matutulungan ng mga pamilya ang kanilang mga anak na makamit ang katatagan sa pananalapi (*financial stability*) at mag-ambag sa pangkalahatang kagalingan ng ekonomiya ng lipunan.<br>**Pagtataguyod sa Katarungang Panlipunan at Pagkapantay-pantay (*Social Justice* at *Equity*)**<br>Ang pamilya ay maaaring magsilbi bilang makapangyarihang tagapagtaguyod ng katarungang panlipunan at pagkapantay-pantay. Maaari nilang turuan ang mga bata tungkol sa kahalagahan ng paggalang sa pagkakaiba-iba, pagtataguyod ng pagkakaisa, at pagwaksi sa diskriminasyon. Ang pamilya ay maaari ring makisali sa mga gawain sa komunidad na tumutugon sa mga isyu tulad ng kahirapan, paglabag sa karapatang pantao, at suliranin sa edukasyon at pangangalagang pangkalusugan. Ipinakita ng mga pag-aaral na ang pamilya ay may mahalagang papel sa paghubog ng mga saloobin ng mga bata tungo sa katarungang panlipunan at *equity* (Guryan, Hurst, & Kearney, 2008). Sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng empatiya, pakikiramay, at komitment sa katarungang panlipunan, makakatulong ang mga pamilya na lumikha ng mas makatarungan at pantay na lipunan para sa lahat. Sa pangkalahatan, ang pamilya ay tumatayo bilang pundasyon ng lipunan na gumaganap ng mahalagang papel sa paghubog ng mga pampolitika at pang-ekonomiyang pananaw ng mga indibidwal. Sa pamamagitan ng pakikisangkot sa politika, pagtataguyod ng *financial literacy*, at pagbabantay ng katarungang panlipunan, mabibigyang kapangyarihan ng mga pamilya ang kanilang mga miyembro na maging matalino at responsableng mamamayan para sa isang mas makatarungan at pantay na mundo.<br>**Repleksiyon:** Suriin ang mga ginagawa ninyo sa bahay na mayroong kaugnayan sa politikal at pang-ekonomiya na aspekto ng buhay. Ano-anong mga gawi at pagpapahalaga mayroon ang pamilya ninyo na makakatulong sa pagtataguyod ng kabutihan, katiwasayan, kapayapaan, at kaunlaran ng lipunan?<br><br>**III. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Pagtatala ng mga Personal na Tungkulin sa Pamilya at Tungkulin ng Pamilya sa Bayan**<br>**Gawain 6: Akrostik**<br><br>**IKAAPAT NA ARAW** | **Pagtatala ng mga Personal na Tungkulin sa Pamilya at Tungkulin ng Pamilya sa Bayan**<br>Maliban sa mga tungkulin na ibibigay gamit ang akrostik, ang guro ay dapat mangalap pa ng karagdagang kasagutan sa mga mag-aaral sa oras ng talakayan.<br><br>**Gawain 6:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br>Mababasa ang artikulo at makikita ang larawan sa *link* na ito: |

| | | |
|---|---|---|
| | **Kaugnay na Paksa 3: Mga Pampamilyang Paraan ng Pagpapakita ng Pagmamahal sa Bayan**<br>**I. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Ang pagpapahayag ng pagmamahal sa sariling bayan ay hindi limitado sa mga personal na gawain ngunit maaari ring mga gawaing pampamilya na nagpapatibay sa pambansang pagkakakilanlan.<br>***Grade 1 Student*, Nagpakita ng Pagmamahal sa Bayan sa Simpleng Paraan**<br>Sinulat ni Irish Mae Manlapaz<br>Paano maipapakita ang pagmamahal sa bayan? Tila mahirap gawin pero para sa isang batang tulad ni Jerick Caminero mula sa Argao, Cebu, ito ay maipapakita sa simpleng paraan.<br>**Sino nga ba si Jerick at paano niya ipinakita ang pagmamahal sa bayan?**<br>Si Jerick ay isang mag-aaral sa unang baitang mula sa *Bogo Elementary School* na gumising sa makabayang puso ng mga *netizens* nang kumalat ang larawan nito sa *social media* habang nakatayo at nakalagay ang kanang kamay sa kaniyang kaliwang dibdib. Ito ay tanda ng kaniyang pagrespeto sa pambansang awit ng Pilipinas na kasalukuyang tumutugtog nang makunan ang kaniyang litrato. Ayon sa *photo uploader* na si Glynis Amazona, nakasakay siya sa bus at papasok diumano sa kaniyang trabaho nang matigil ang sinasakyan niyang bus sa kinatatayuan ni Jerick. Agad niyang binahagi ito sa kaniyang *Facebook account* na kung saan sinabi niya na isa siyang inspirasyon at sana lahat ay maging tulad niya. Ang *post* na ito ni Glynis ay umani ng *comments* at ibinahagi ng mga *netizens* na napukaw ang damdamin sa simpleng gawing ito ni Jerick. Sa ngayon ay may lagpas na itong 5,000 *shares* at nagsimula ng mai-*feature* sa pambansang pahayagan gaya ng Philippine Daily Inquirer. Sa isang panayam ng Inquirer kay Amazona ay ikinuwento nito na ang tagpo kung saan nakunan niya ng litrato ang 9 na taong gulang na si Jerick Caminero bandang alas-siyete ng umaga nitong Pebrero 12. Tumigil daw ito sa paglalakad at inilagay ang kanang kamay sa kaniyang kaliwang dibdib nang marinig na tumugtog ang Pambansang Awit ng Pilipinas sa kanilang *flag ceremony*. Dagdag ni Amazona ay tila nahiya ito nang makitang maraming sasakyan ang huminto sa harap niya pero hindi ito nagpatinag sa kaniyang hiya at nanatili sa kaniyang puwesto hanggang matapos ang kanta. Naawa din daw si Amazona kay Jerick na naka-tsinelas lang at hindi naka-*uniform* ng araw na iyon. Ngunit sa kabila ng kalagayan nito ay pinakita nito ang pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng pagbigay galang nito sa pambansang awit ng Pilipinas - hindi tulad ng ibang estudyante na | https://ph.theasianparent.com/paano-maipapakita-ang-pagmamahal-sa-bayan |

| | | |
|---|---|---|
| | nakauniporme na hindi man lamang huminto habang tumutugtog ang pambansang awit.<br>**Dahil sa *patriotic act* o makabayang gawi na ito ni Jerick ay maraming Pilipino ang na-*inspire* sa kaniyang pagpapakita ng pagmamahal sa bayan.** Isa na rito ay ang Regional Mobile Force Batallion (RMFB) 7 ng Cebu. Naimbitahan siya upang dumalo ng Monday *flag raising ceremony*. Binigyan din siya ng grupo sa pamumuno ni *Force Commander Police Supt.* Hector Grijaldo ng mga regalo at *groceries* para sa kaniyang pamilya.<br>Pamprosesong tanong:<br>1. Ano ang inyong naramdaman habang binabasa ang teksto?<br>2. Nararapat ba na hangaan at bigyan ng pagkilala si Jerick? Ipaliwanag ang iyong sagot.<br>3. Ginagawa mo rin ba ng buong katapatan ang pagbibigay-pugay sa watawat at pambansang awit ng Pilipinas? Bakit/Bakit hindi?<br>4. Sa iyong palagay, may kaugnayan ba sa paraan ng pagpapalaki kay Jerick ang kaniyang mabuting ipinakita?<br>Isang paraan ng pagpapakita ng pagmamahal sa ating bayan ay ang simpleng pagbibigay-respeto sa watawat at pambansang awit na sumasagisag rito gaya nang ginawa ni Jerick Caminero. Ito ay nakasaad sa batas ng Pilipinas na makikita sa *Section* 21 ng *Republic Act* 8491. Kilala rin sa tawag na *The Flag and Heraldic Code of the Philippines*. Ayon sa batas ay dapat gawin ang sumusunod:<br>● Ang sinumang Pilipino na makakarinig ng pagtugtog ng Pambansang Awit ng Pilipinas mula sa unang nota nito ay dapat tumigil o huminto sa kung ano man ang kaniyang ginagawa. At dapat ilagay ang kaniyang kanang kamay sa kaliwa niyang dibdib bilang pagbibigay-respeto sa pambansang awit ng Pilipinas.<br>● Ang sinumang Pilipino na lumabag sa batas na ito ay maaaring magmulta ng hindi bababa sa P5,000 at hindi tataas sa P20,000 at maaari ring humantong sa pagkabilanggo na hindi naman lalagpas sa isang taon.<br><br>**II. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Gawain 7: Pagmamahal sa Bayan, Ipakita Ninyo!**<br><br>**III. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Gawain 8: Simbolo ng Nasyonalismo** (Siason, 2023) | **Gawain 7:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br><br>**Gawain 8:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br>**Simbolo ng Nasyonalismo**<br>Ito ay isahang gawain. Bilang paghahanda sa gawaing ito, ang guro ay magbibigay ng tagubilin sa mga mag-aaral na magdala ng mga materyales para sa isang malikhaing gawain katulad ng mga sumusunod:<br>● lokal (*indigenous*) at *recyclable* na materyales na makikita sa kanilang bahay o komunidad<br>● gunting<br>● pangkulay<br>● pandikit |

| | | |
|---|---|---|
| | | Maaari itong gawin na takdang-aralin kung kakapusin sa oras. |
| **Paglalahat** | **I. Pabaong Pagkatuto**<br>Bukod sa tungkulin na bumuo ng kaalaman, kasanayan, at mabuting pagpapakatao mayroon ding mahalagang papel ang pamilya sa lipunan. Kabilang dito ang paghihikayat sa bawat kasapi ng pamilya na makibahagi sa mga aktibidad na makakatulong sa pagsasabuhay ng nasyonalismo at pag-unlad ng bansa. Gamit ang *graphic organizer* ibigay ang mga mahahalagang konsepto at kaalaman na inyong natutuhan sa aralin. Sa loob ng bilog, isulat ang mga tungkulin ng pamilya sa lipunan at bayan. Sa kahon naman ay isulat ang mga | Gagabayan ng guro ang mga mag-aaral upang magbigay ng paglalahat hinggil sa kanilang natutuhan sa katatapos na aralin gamit ang *graphic organizer*.<br><br>Ang *graphic organizer* o grapikong pantulong ay biswal na representasyon ng impormasyon na maaaring magamit upang mapahusay ang pagkatuto at pag-unawa ng mag-aaral. Nagbibigay ito ng estruktura para sa pag-oorganisa at pagkonekta ng mga ideya na ginagawang mas madali para sa mga mag-aaral na maunawaan ang mga konsepto at bumuo ng |

positibong pagpapahalaga at mabuting kaugalian na hinuhubog sa pagsasagawa ng mga tungkulin. Halimbawa:




**Tandaan:** Maraming pagbabago ang pinagdaanan ng isang pamilya dala ng makabagong teknolohiya at panahon. Sana sa mga pagbabagong nangyari dapat nakakintal sa isipan at nakaukit sa puso ng bawat pamilya na pahalagahan ang pagmamahal sa ating bayan na nagkaroon ng malaking ambag sa ating pagkatao at lahi. Ang tungkulin natin sa bayan ay palaging may kaakibat na responsibilidad at pananagutan. At pakatandaan, kung hindi ikaw ang mag-uumpisa, sino? Kung hindi mo gagawin ngayon, kailan pa? Gawin ang bawat tungkulin ng pamilya para sa bayan upang kabutihan, katiwasaya, kapayapaan, at kaunlaran sa ating lipunan ay makamtan.

paglalahat at buod mula sa kanilang mga karanasan at kaalaman sa aralin.

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | MGA TALA sa GURO |
|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit**<br>***Ang nalaman ay subukan, mga tanong ay sagutan!***<br>**Punan ng tamang salita ang mga patlang. Gawing gabay ang mga kahulugang makikita.**<br>1. Pera na ginugugol ng gobyerno sa mga proyekto na makikinabang sa mga tao.<br>__ __ __ __ __<br>2. Pakikisama sa mga katrabaho, pagsasabuhay ng mabubuting gawa, at pagtatrabaho sa itinakdang oras.<br>__ __ __ __ __   __ __   __ __ __ __ __ __ __ __<br>3. Isang obligasyon at pantay-pantay na karapatang pampolitika na ginagarantiyahan ng ating konstitusyon upang bawat mamamayan na nasa hustong gulang ay may pribiliheyong pumili ng kandidatong gustong iluklok sa puwesto.<br>__ __ __ __ __ __ __<br>4. Mga dakilang gawa ng katapangan at pagmamahal sa bayan.<br>__ __ __ __ __ __ __ __ __ __ __<br>5. Tumutukoy sa obligasyon, panangutan, o responsibilidad ng isang tao o institusyon.<br>__ __ __ __ __ __ __ __ __<br>6. Ang krus sa tuktok ng Bundok Samat sa Bataan ang nagpapagunita hinggil sa mga matatapang na sundalong Pilipino na lumaban sa mga Hapones noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ginugunita tuwing Abril 9.<br>Araw ng __ __ __ __ __ __ __ __ __ __<br>7. Ito ay ginugunita tuwing Hunyo 12 ng bawat taon at ipinagdiriwang ng mga Pilipino mula sa Espanya.<br>Araw ng __ __ __ __ __ __ __ __<br>8. Araw na ipinagdiriwang ito tuwing ika-25 ng Pebrero. Ang araw na ito ang naging hudyat ng pagbabalik ng kalayaan ng mga mamamayan mula sa rehimeng diktador.<br>__ __ __ __ __ __ __ __ __ __ __   __ __ __ __<br>9. Araw na ipinagdiriwang tuwing Mayo 1 para bigyan ng pagpupugay ang tumutulong sa atin sa pagtugon sa ating mga pangangailangan.<br>Araw ng __ __ __ __ __ __ __ __ __ __ | Isa sa mga sukatan ng natutuhan ng mga mga-aaral ay ang pagbibigay ng pagsusulit. Masusubukan ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral kung nauunawaan ang paksa/aralin pinag-aralin. Subalit kung may mga balakid pa ay maaaring balikan ang mga paksa/aralin na kailangan ng masusing pag-aaral.<br><br>Mga sagot:<br>1. Buwis<br>2. Tapat na Serbisyo<br>3. Pagboto<br>4. Kabayanihan<br>5. Tungkulin<br>6. Kagitingan<br>7. Kalayaan<br>8. Rebolusyong EDSA<br>9. Manggagawa<br>10. Bayani |

| | | |
|---|---|---|
| | 10. Araw na ipinagdiriwang tuwing Agosto 26 taon-taon at inaalayan ng mga bulaklak at may palatuntunan pa.<br>Araw ng mga __ __ __ __ __ __<br>**Sa Pagsulat Ipakita!**<br>Sumulat ng isang sanaysay na may tatlong (3) talata. Pumili ng paksang tatalakayin sa mga nakatala.<br>a. Pagtupad ng Tungkulin sa Bayan, Isang Pampamilyang Hakbang<br>b. Tungkulin ng Pamilya Tungo sa Kabutihan, Katiwasayan, Kapayapaan, at Kaunlaran ng Lipunan<br>Gamitin ang rubrik na pamantayan. | |

| Pamantayan | Napakahusay (15 puntos) | Mahusay (12 puntos) | Nangangailangan ng Pag-unlad (9 puntos) |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Nailahad ang wastong kaisipan at ideya hinggil sa paksa. | Hindi gaanong nailahad ang wastong kaisipan at ideya hinggil sa paksa. | Hindi nailalahad ang wastong kaisipan at ideya hinggil sa paksa. |
| Organisasyon | Mayroong simula, gitna, wakas, at kongklusyon. | Mayroong simula, gitna, at wakas, ngunit walang kongklusyon. | Mayroong simula at gitna, subalit walang wakas at kongklusyon. |
| Kabuoang Puntos: | | | |

**Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

Magsaliksik ng limang (5) epekto ng pagbabago ng klima na maaaring makaapekto sa pamilya at ano-ano ang pamamaraan na dapat gawin upang mabigyang solusyon ito. Isulat ang kasagutan sa inyong kuwaderno.

| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | |
|---|---|---|---|---|

<table>
<tr><td rowspan="4"></td><td>Estratehiya</td><td></td><td></td><td rowspan="4"></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br><br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br><br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br><br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td></td></tr>
</table>